Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-10 NG MARSO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. Kagawad
Kgg. Louie c. de Leon.............. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............ Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat......... Kagawad
Kgg. Bernarfdo E. Ison............. Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas.............. Kagawad
Kgg. Angelito U. Lmjuco............ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 061-T'97

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING NG ISANG AMBULANSYA KAY KGG. MANUEL M. MORATO, TAGAPANGULO, PHILIPPINE CHARITY SWEEPSTAKES OFFICE, UPANG MAGSILBING KAGAMITAN PARA SA KAPAKANAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA.

**SAPAGKA'T,** pangunahin sa mga programa ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna ay mapalaganap ang programa ukol sa kalusugan para sa kapakanan ng mga mangangailangang mamamayan sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** bilang kabisera ng lalawigang ito, sapat na pangangailangan sa mga kagamitang panlingkod-bayan ang dapat na asahan para sa kagalingan at kapakanan ng mga mamamayan;

**SAPAGKA'T,** walang ambulansya ang bayan ng Santa Cruz upang matugunan ang mga maysakit at pasyenteng nangangailangan ng kaligtasan at pagpapahalaga sa kanilang mga buhay;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makabili ng ganitong uri ng sasakyan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng ng Kgg. Kag. Louie C. de leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling ng isang ambulansya kay Kgg. Manuel M. Morato, Tagapangulo, Philippine Charity Sweepstakes Office, upang magsilbing kagamitan para sa kapakanan ng bayan ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Tagapangulo, Philippine Charity Sweepstakes Office, Kgg. Manuel M. Morato, San Marcelino St., Ermita Manila, para sa kaniyang mahalagang tulong, Kgg. Punong Bayan, para sa kaniyang kabatiran.

**PINAGTITIBAY;**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan